# Ingatan nang Habang-Buhay ang Iyong Sanggol

**Kapag May Hepatitis B ang Isang Nagbubuntis na Babae...**



## Bakit kailangang mag-alala tungkol sa Hepatitis B ang mga nagbubuntis na babae?

Isang seryosong sakit sa atay ang Hepatitis B na madaling makahawa sa mga iba pa. Mahalaga para sa isang babae na malaman kung may Hepatitis B siya, upang makakuha siya ng pangangalagang medikal. Posible rin para sa isang nagbubuntis na babae na may Hepatitis B na mahawahan ng virus ang kanyang anak sa pagsilang. Sa kabutihang-palad, mayroon nang pangbakuna upang maiwasang makakuha ng Hepatitis B ang mga sanggol.



### Ano ang Hepatitis B?

Ang “Hepatitis” ay nangangahulugang pamamaga ng atay. Nakakahawang sakit sa atay ang Hepatitis B na nagreresulta mula sa pagkaimpeksyon ng virus na Hepatitis B. Kapag nahawahan ang isang tao, maaaring manatili ang Hepatitis B sa katawan ng tao sa kabuuang buhay niya at maging sanhi ng seryosong mga suliranin sa atay.

### Maaari bang makahawa ang Hepatitis B sa mga sanggol?

Oo. Maaaring makahawa sa isang sanggol ang virus na Hepatitis B sa kapanganakan. Maaaring mangyari ito sa normal na pagpapa-anak o isang c-section.

### Papaano pang makakahawa ang Hepatitis B?

Maaari ring makahawa ang Hepatitis B kapag pumasok sa katawan ng isang hindi pa nahahawahan ang dugo, semilya, o iba pang mga bagalusaw sa katawan mula sa isang taong may virus. Labis na nakakahawa ang virus at madaling makakahawa sa mga hiwa sa balat o malalambot na mga tissue ng katawan gaya sa ilong, bibig, at mga mata.

Maaaring mangyari ito sa pamamagitan ng paglapat ng dugo mula sa taong nahawa, kahit na kaunting-kaunting napakaliit na di-nakikita. Maaari ring makahawa ang Hepatitis B sa pakikipagtalik sa isang nahawahang tao.

**Inirerekumenda ng CDC na mabigyang ng iniksyon na HBIG ang mga sanggol at ang unang dosis ng bakuna sa Hepatitis B sa loob ng 12 oras mula ng pagkasilang.**

### Gaano kalala ang Hepatitis B?

Kapag nahawahan ang mga sanggol ng Hepatitis B, mayroon silang 90% na posibilidad na magkaroon ng habang-buhay, palagiang kasakitan. Nagkakaroon ng malalang problema sa kalusugan ang halos 1 sa 4 na tao na may palagiang Hepatitis B. Maaaring maging sanhi ng pinsala sa atay, sakit sa atay, at kanser sa atay ang Hepatitis B.

### Gaano kapangkaraniwan ang Hepatitis B?

Mga 350 milyong tao sa buong mundo at 1.2 milyong tao sa Estados Unidos ang nahawa ng Hepatitis B.



### Maaari bang mapigilan ng mga doktor ang pagkahawa ng isang sanggol sa Hepatitis B?

Oo. Binibigyan ng dalawang iniksyon pagkapanganak ang mga sanggol na ipinanganak ng mga babaeng may Hepatitis B. Ang isa ay ang unang dosis ng bakuna para sa Hepatitis B at ang isang iniksyon ay tinatawag na HBIG. Hinahadlangan ng dalawang iniksyon na ito na mahawa ng Hepatitis B ang sanggol. Pinakamahusay na gumagana ang mga iniksyon kapag ibinigay ang mga ito sa loob ng 12 oras pagkasilang.

### Ano ang HBIG?

Isang gamot ang HBIG na nagbibigay lakas sa katawan ng sanggol o karagdagang tulong na malabanan ang virus sa pagkapanganak. Ibinibigay lang ang inkisyon na HBIG sa mga sanggol ng mga ina na may Hepatitis B.



## Papaano ko masisiguro na naiingatan ang aking pamilya mula sa Hepatitis B?

**Ipasuri ang lahat para sa Hepatitis B**

Dapat na magpatingin sa doktor o klinika ang ama ng iyong anak at **lahat ng iba** pang nakatira sa iyong tahanan upang masuri. Makakatulong ang pagsusuri sa mga miyembro ng iyong pamilya upang malaman kung mayroon silang Hepatitis B.  Kung wala silang Hepatitis B, kakausapin sila ng doktor upang magpabakuna sa Hepatitis B upang maiwasang mahawahan sila.

**Takpan ang mga sugat**

Dahil kumakalat ang Hepatitis B sa pamamagitan ng dugo, dapat na maging maingat ang mga tao na may Hepatitis B na hindi malantad ang ibang mga tao sa mga bagay na maaaring may dugo niya. Mahalagang hindi ipagamit sa iba mga personal na gamit gaya ng pang-ahit, panggupit ng kuko, sipilyo, o pangsubaybay ng glucose. Dapat na takpan ang mga sugat habang gumagaling ang mga ito.

**Huwag nguyaing ang pagkain para sa iyong anak**

Maaaring minsan ay may kaunting-kaunting dugong nasa bibig ng isang tao. Huwag nguyain ang pagkain bago ipakain ito sa iyong anak.

Publication No. 22-0443

## Ilang inikisyon sa Hepatitis B ang kailangan ng anak ko?

Bibigyan ang iyong anak ng 3 o 4 na iniksyon, depende kung anong tatak ng pangbakuna ang ginamit. Pagkaraang maibigay ang unang dosis sa ospital, ang pangalawang dosis ay ibinibigay sa edad na 1-2 buwan. Ang panghuling dosis ay karaniwang ibinibigay sa iyong anak kapag ito ay isang taong gulang. Tanuning ang iyong doktor o nars kung kailang kailangang bumalik ng iyong anak para sa bawat iniksyon.

## Kailangan ba ng anak ko ang lahat ng mga shot?

Kinakailangan ang lahat ng mga iniksyon sa Hepatitis B upang matulungan maiwasang mahawa ng Hepatitis B ang iyong anak.

**Pigilan ang Hepatitis B.**
**Pabakunahan ang iyong sanggol.**

## Papaano ko malalaman na naiingatan ang aking anak?

Pagkaraan na makuha ang lahat ng mga iniksyon sa Hepatitis B, susuriin ng doktor ang dugo ng iyong anak. Ipapakita ng pagsusuri sa dugo sa iyo at sa iyong doktor na naiingatan ang iyong anak at walang Hepatitis B. Ginagawa ang pagususuri sa dugo 1-2 buwan pagkaraan ng huling shot.  Siguraduhing dalhin ang iyong anak sa iyong doktor para sa mahalagang pagsusuri sa dugong ito.

## Hindi nakakahawa ang Hepatitis B sa pamamagitan ng:



**Pagpapasuso**

Ligtas para sa iyo ang pagpapasuso sa iyong anak. Hindi mo mahahawahan ng Hepatitis B ang iyong anak sa pagpapasuso.

**Pagluluto at pagkain**

Ligtas para sa iyo ang maghanda at kumain kasabay ng iyong pamilya. Hindi nakakahawa ng Hepatitis B sa kasosyong paggamit ng mga pinggan, mga gamit sa pagluluto, o mga baso.

**Pagyakap at paghalik**

Maaari mong yakapin at halikan ang iyong anak, mga miyembro ng pamilya, o iba pang malapit sa iyo. Hindi mo mahahawahan ng Hepatitis B ang sinuman sa pagyakap at paghalik sa kanila. Hindi rin naikakalat ang Hepatitis B sa pagbahing o pag-ubo.

## Para sa karagdagang impormasyon

Makipag-usap sa iyong propesyonal sa kalusugan, tawagan ang iyong kagawaran sa kalusugan, o bisitahin ang www.cdc.gov/hepatitis

DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES
Centers for Disease Control and Prevention
*Division of Viral Hepatitis*

www.cdc.gov/hepatitis

July 2010